SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

# PAGPAPAHALAGANG KULTURAL SA MGA KAUGALIAN AT PANINIWALA SA RURAL AT URBAN

**Precious Mae David, Ivan Jeff P. Ranit, Kristine H. Florendo, Robelyn S. Enoveso, Therese Kyla A. dela Cruz, Jose G. Enrile**
*Leyte Normal University*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra21445**
**DOI No: 10.36713/epra21445**

## ABSTRAK

*Kalimitang maririnig sa mga pagsasalaysay ng mga matatanda ang kaibahan ng henerasyon nila noon kumpara ngayon, lalong-lalo na ang paraan ng pamumuhay mayroon ang kabataan sa kasalukuyan. Sa pagtalakay nina Dela Torre et. al (2022), binigyang diin ang mababang value sysytem ng kasalukuyang henerasyon at ang kakaibang kilos ng kabataan ngayon sa pananalita, pagkatuto, pakikisalamuha at pagkakaroon ng mga pananaw. Kaya't nilayon ng pag-aaral na ito na alamin ang pagpapahalagang kultural ng mag Gen Z at mga tiyak na katutubong kaugalian at paniniwalang patuloy nilang isinasabuhay sa kasalukuyang panahon sa mga urban at rural na komunidad. Ang kwalitatibong pananaliksik na ito ay gumamit ng penomenolohikal na disenyo partikular ang transcendental phenomenology sa pangangalap ng datos at isinagawa sa mga Gen Z na nakatira sa isang Highly Urbanized City at outskirt na komunidad o malayo sa lungsod. Sa pangangalap ng datos, gumamit ang pag-aaral ng semi-structured na talatanungan at checklist at inalisa gamit ang Thematic Analysis. Para sa naging resulta ng pag-aaral, natuklasan ang mga katutubong kaugalian at paniniwala tulad ng mga pamahiin at mga ritwal na patuloy na isinasagawa at pinahahalagahan ng mga Gen Z sa rural na komunidad. Sa kabilang dako, lingid sa modernong pamumuhay, pinapahalagahan at isinasabuhay pa rin ng mga Gen Z sa urban na komunidad ang mga kaugaliang nakaugat pa sa sinauna. Sa huli ay masasabing hitik pa rin sa pagpapahalagang kultural ang mga Gen Z sa rural at urban na komunidad, nagkakaiba lang sa pamamaraan at nakasanayang gawain sa bawat komunidad. Inirerekomenda ng pag-aaral na ito ang paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtatanghal ng mga kaugalian at paniniwalang ito, at pagdaos ng mga gawaing makapagbibigay paliwanag sa kahalagahan ng papel na ginagampanan ng mga pamanang kultural sa kasalukuyang konteksto.*

***MGA SUSING SALITA:*** *Generation Z, Kaugalian, Paniniwala, Rural, Urban*

## INTRODUKSYON

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang kumikilala at nagbibigay ng pagpapahalaga sa mga kultura at kaugaliang nagmula sa mga ninuno. Bawat rehiyon at pangkat ay may angking yamang kultural na nagbibigay ng pagkakakilanlan at pagtatangi sa bawat isa na lumilinang at humuhubog sa pag-iisip, pag-uugali, at gawain ng tao. Ang pamahalaan ay gumagawa ng mga hakbang upang mapanatili ang pagpapahalaga sa mga pamanang ito bunsod ng mabilis na agos ng modernisasyon.

Pagsapit ng ika-21 siglo, hinamon ng samot-saring pagbabago ang mundo. Hindi mapipigilan ang pagbabago, ito ay tiyak na mangyayari, mararanasan pa rin ng mga tao at ang bawat pagbabagong magaganap at ito ay may kalakip na epekto. Madalas ay maririnig sa bibig ng mga matatanda ang katagang "ibang-iba na ang panahon ngayon kumpara sa kanilang panahon" lalong-lalo na ang kabataan. Kakaiba silang kumilos, magsalita, matuto, manamit, at makisalamuha sa kapwa. Sinang-ayunan ito sa pag-aaral nina Dela Torre et al. (2022), sa pagpapahalaga ng mga katutubong kaugalian at paniniwala ng mga *Generation Z* ay naiiba sa ibang henerasyon, sa naging resulta ng kanilang pag-aaral ang mga *Generation Z* ay may mababang *value system* kumpara sa henerasyon noon. Dagdag pa, ayon sa kanilang pananaliksik sa kasalukuyan, unti-unti nang napapalitan at naiwawaksi ng makabagong henerasyon ang mga kaugaliang Pilipino. Kapansin-pansin na ang mga kilos, gawi at ugali na minana pa natin sa ating mga ninuno ay bihirang-bihira na sa panahon ngayon.

Dagdag pa, mula sa pahayagan ng Pinoy Peryodiko (2023), na ang mga Gen Z ay may kakaibang *mindset* sinasalungat nila ang mga paniniwala at aksyon ng henerasyong nauna sa kanila gaya ng mga *millennials* at *Generation X* wika ni Eva Mari Salvador ang *head* ng Arts Education Department of Cultural Centre of the Philippines (CCP). Naiiba ang pag-aaral na ito sa mga naunang pag-aaral sapagkat tinatalakay nito ang antas at dalas ng pagpapahalaga ng mga Gen Z sa kultura at kaugaliang Pilipino, kung patuloy pa rin itong isinasabuhay at binibigyan ng puwang sa pang-araw-araw na buhay at kung may pagkakaiba ang antas ng pagpapahalagang ito sa mga Gen Z na naninirahan sa rural at urban na komunidad.

Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay kakikitaan ng kahalagahan sapagkat ito'y makapag-aambag na malaman ang pagpapahalaga at pagsasabuhay ng mga *Generation Z* sa mga kultura at paniniwalang Pilipino at kung naiiba ba ang ang pagpapahalagang ito ng mga Gen Z na nakatira sa rural at urban na komunidad.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga pagpapahalaga at pagsasabuhay ng mga *Generation Z* sa mga katutubong kultura, paniniwala at kaugaliang Pilipino. Tinitiyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod:

1. Ano ang mga kaugalian at paniniwala ang patuloy na isinasabuhay ng mga Gen Z sa rural na komunidad?
2. Ano ang mga kaugalian at paniniwala ang patuloy na isinasabuhay ng mga Gen Z sa urban na komunidad?
3. Ano ang pagkakaiba ng pagpapahalagang kultural at paniniwala ng mga Gen Z sa rural at urban na komunidad?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng disenyong penomenolohikal partikular ang *transcendental phenomenology* sa pangangalap ng datos hinggil sa pagpapahalagang kultural ng mga Gen Z sa rural at urban na komunidad. Isa itong dulog pilosopikal na binuo ni Edmund Husserl na naglalayong makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng mga pang-araw-araw na karanasan. Dagdag pa ni Moustakas (1994), ang *phenomenology* bilang isang angkop na kasangkapan para sa paggalugad at paglalarawan ng mga ibinahaging karanasan na may kaugnayan sa *phenomena*.

## SAMPLING DESIGN

Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang bilang ng kalahok mayroon ang pag-aaral na ito ay dalawamput apat (24), labing-dalawa (12) sa rural at labing-dalawa (12) sa urban. Ang *purposive sampling* ay bukas ang mga mananaliksik sa pagpili o pagkuha ng kalahok. Ayon kay Creswell (2013), ay nagmumungkahi na ang isang makatwirang laki ng *sample* ay maaaring mula sa 3-25 kalahok para sa isang *phenomenological* na pag-aaral.

## GEOGRAPHICAL AREA

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa dalawang lokal sa silangang bahagi ng Visayas, ang rural at urban. Sa probinsya ng Leyte, kilala ang lungsod na ito bilang *highly urbanized city* (HUC) o lubos na urbanisadong lungsod ayon sa isang artikulo ng PhilAtlast (2020). Ayon kay Surbhi (2017), ang mga rural na komumidad ay tinatawag na *outskirts* o tumutukoy sa isang maliit na pamayanan, na nasa labas ng mga hangganan ng isang lungsod, komersyal o industriyal na lugar. Kung kaya't ang Talalora, Samar ay napiling maging lokal ng pag-aaral dahil ayon kay Ortego (2021), ito ay maituturing na "huron", isang waray-waray na salita na ang ibig sabiin ay liblib na lugar.

## RESULTA

Mula sa mga datos na nakalap sa isinagawang pag-aaral, natuklasan ang mga kaugalian at paniniwala na patuloy na pinapahalagahan at isinasabuhay ng mga Gen Z sa rural at urban na komunidad sa kasalukuyang panahon. Nabatid din ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pagpapahalagang kultural ng mga Gen Z sa nasabing mga komunidad. Sa pangkalahatan, napag-alaman na may magkaibang pagpapahalagang kultural ang mga Gen Z sa rural at urban na komunidad partikular na sa mga kaugalian at paniniwala. Nagpapakita lamang ito na mas may pagpapahalagang kultural ang mga Gen Z sa urban na komunidad sa pagsasabuhay ng mga kaugalian. Habang napag-alaman naman na mas hitik sa paniniwala ang mga Gen Z sa rural na komunidad.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at sa kongklusyong nabanggit at nabuo ang sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Gamitin ang *social media* bilang lundayan upang maitanghal ang mayamang katutubong kauglian at paniniwala sa mas marami pang madla partikular ang mga Gen Z.
2. Sa pangunguna ng mga sektor na nagtataguyod ng kultura at Sangguniang Kabataan, magdaos ng mga palihan, kompetisyon at kumperinsya na huhubog sa kultural na pagpapahalaga ng mga Gen Z, at kamalayan sa mga kulturang pamana ng nakaraan alinsabay sa mabilis na daloy ng modernisasayon.
3. Magkaroon ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon sa mga araling pangwika at panitikan sa mga paaralan upang matalakay ang mga katutubong kaugalian, kultura at tradisyong Pilipino.

## KONKLUSYON

Mula sa mga datos na nakalap sa pananaliksik na ito, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

1. Maraming sinaunang kaugalian at paniniwala tulad ng mga pamahiin at ritwal ang patuloy na isinasagawa at pinapahalagahan ng mga Gen Z sa rural na komunidad.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

2. Sa kabila ng modernong pamumuhay, patuloy na isinasagawa at isinasabubay ang mga katutubong kaugaliang Pilipino ng mga Gen Z sa urban na komunidad.
3. Hitik pa rin sa pagpapahalagang kultural ang mga Gen Z sa rural at urban na komunidad, nagkakaiba lang sa pamamaraan at nakasanayang gawin sa bawat komunidad.

**FIGYUR**
**Balangkas ng Pag-aaral**





***Figure 1 Balangkas ng Pag-aaral***

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

**TALAHANAYAN**

| Kaugalian | Paniniwala |
|---|---|
| 1. Selebrasyon ng San Juan<br>2. Pagdiriwang ng Pista at pagpahid ng Santo Lana sa maysakit<br>3. Pag-akyat sa bukid Kan Elyu tuwing Mahal na Araw<br>4. Balyuay o pagpapalitan ng pagkain tuwing Mahal na Araw<br>5. Pagpapahalaga sa mga banal na pook at bagay<br>6. Hermano at Hermana ng mga santo<br>7. Pagbisita sa puntod ng mga yumao tuwing Nobyembre<br>8. Kawanggawa at pagtulong sa maysakit<br>9. Pagrespeto sa mga nakatatanda<br>10. Pagiging magiliw sa mga panauhin<br>11. Pagiging matatag at masayahin | 1. Paniniwala at pagrespeto sa mga puno, lugar at pook na binabahayan ng mga elemento<br>2. Paniniwala at pagsasagawa ng mga pamahiin tulad ng pag-iiwan ng sandok sa loob ng kaldero at paggupit ng kuko sa gabi<br>3. Pagsasagawa ng ritwal na *Pasaka*<br>4. Paniniwala sa mga *Tambalan* o Albularyo |

***Talahanayan 1: Mga katutubong kaugalian at paniniwala na patuloy isinasabuhay ng mga Gen Z sa rural na komunidad***

Natuklasan ng pag-aaral ang mga katutubong kaugalian at paniniwalang patuloy na isinasabuhay ng mga Gen Z sa rural na komunidad. Ayon sa mga naging kasagutan ng mga kalahok, ang selebrasyon ng San Juan, pagdiriwang ng Pista at pagpahid ng Santo Lana sa maysakit, pag-akyat sa bukid Kan Elyu tuwing Mahal na Araw, *balyuay* o pagpapalitan ng pagkain tuwing mahal na araw, pagpapahalaga sa mga banal na pook at bagay, pagdarasal bago at pagkatapos kumain, Hermano at Hermana ng mga santo, pagbisista sa puntod ng mga yumao tuwing Nobyembre, kawanggawa at pagtulong sa maysakit, pagiging magiliw sa mga panauhin, pagrespeto sa mga nakatatanda, at pagiging matatag at masayahin ang mga kaugaliang patuloy nilang sinusunod sa nasabing komunidad. Samantala, ng mga paniniwala na patuloy pa ring isinasabuhay at isinasagawa ng mga Gen Z sa rural na komunidad batay sa mga naging kasagutan ng mga kalahok ay ang pagrespeto sa mga puno, lugar at pook na binabahayan ng mga elemento, paniniwala at pagsasagawa ng mga pamahiin tulad ng pag-iiwan ng sandok sa loob ng kaldero at paggupit ng kukuko sa gabi, at ang pagsasagawa ng ritwal na pasaka.

| Kaugalian | Paniniwala |
|---|---|
| 1. Pagdedebosyon sa mga santo/santa sa ngalan ni Sto. Nino<br>2. Pagdiriwang ng Flores De Mayo<br>3. Pagpapahalaga sa mga banal na bagay at lugar<br>4. Pagtutulungan o pagbanayanihan<br>5. Pakikiramay sa mga namatayan gamit ang *social media*<br>6. Pagtitirik ng kandila tuwing Nobyembre 8 bilang pag-alala sa mga yumao noong Yolanda<br>7. Pagmamano sa mga nakatatanda tuwing aalis at uuwi ng bahay<br>8. Paggamit ng “mano, mana, ate, kuya” sa nakatatanda<br>9. Pag-iimbita ng mga bisita sa hapag-kainan pigging magiliwsa mga panauhin, at pagpapabaon ng pagkain, bagay o at *souvenir*<br>10. Matatag sa kahit anong pagsubok, hindi pinanghihinaan ng loob at nalalampasan ang problema.<br>11. Palangiti at walang bakas ng problema sa mukha<br>12. Pagpapahalaga sa pamilya at kaanak | 1. Malas ang pagpuputol ng kuko sa gabi<br>2. Pagsusuot ng polka dots na damit tuwing sasapit ang bagong taon |

***Talahanayan 2: Mga katutubong kaugalian at paniniwala na patuloy isinasabuhay ng mga Gen Z sa urban na komunidad***

Natuklasan ng pag-aaral ang mga katutubong kaugalian at paniniwalang patuloy na isinasabuhay ng mga Gen Z sa urban na komunidad. Ayon sa mga naging kasagutan ng mga kalahok, pagdedebosyon sa mga santo/santa sa ngalan ni Sto. Nino, pagdiriwang ng Flores De Mayo, pagpapahalaga sa mga banal na bagay at lugar, pagtutulungan o pagbabayanihan, pakikiramay sa mga namatayan gamit ang *social media*, pagtitirik ng kandila tuwing ika-8 ng Nobyembre bilang pag-alala sa mga yumao noong Yolanda, pagmamano sa mga nakatatanda tuwing aalis at uuwi ng bahay, paggamit ng “mano, mana, ate, kuya” sa nakatatanda, pag-iimbita ng mga bisita sa hapag-kainan pagiging magiliw sa mga panauhin, at pagpapabaon ng pagkain, bagay o at *souvenir*, matatag sa kahit anong pagsubok, hindi pinanghihinaan ng loob at nalalampasan ang problema, palangiti at walang bakas ng problema sa mukha at

pagpapahalaga sa pamilya at kaanak. Samantala, ang mga paniniwala na patuloy pa ring isinasabuhay at isinasagawa ng mga Gen Z sa urban na komunidad batay sa mga naging kasagutan ng mga kalahok ay malas ang pagpuputol ng kuko sa gabi at pagsusuot ng *polka dots* na damit tuwing sasapit ang bagong taon.

| Kaugalian | | Paniniwala | |
|---|---|---|---|
| **Rural** | **Urban** | **Rural** | **Urban** |
| 1. Selebrasyon ng San Juan<br>2. Pagdiriwang ng Pista at pagpahid ng Santo Lana sa maysakit<br>3. Pag-akyat sa bukid Kan Elyu tuwing Mahal na Araw<br>4. Balyuay o pagpapalitan ng pagkain tuwing Mahal na Araw<br>5. Pagpapahalaga sa mga banal na pook at bagay<br>6. Hermano at Hermana ng mga santo<br>7. Pagbisita sa puntod ng mga yumao tuwing Nobyembre<br>8. Kawanggawa at pagtulong sa maysakit<br>9. Pagrespeto sa mga nakatatanda<br>10. Magiliw sa mga panauhin<br>11. Pagiging matatag at masayahin | 1. Pagdedebosyon sa mga santo/santa sa ngalan ni Sto. Nino<br>2. Pagdiriwang ng Flores De Mayo<br>3. Pagpapahalaga sa mga banal na bagay at lugar<br>4. Pagtutulungan o pagbanayanihan<br>5. Pakikiramay sa mga namatayan gamit ang social media<br>6. Pagtitirik ng kandila tuwing Nobyembre 8 bilang pag-alala sa mga yumao noong Yolanda<br>7. Pagmamano sa mga nakatatanda tuwing aalis at uuwi ng bahay<br>8. Paggamit ng "mano, mana, ate, kuya" sa nakatatanda<br>9. Pag-iimbita ng mga bisita sa hapag-kainan pigging magiliwsa mga panauhin, at pagpapabaon ng pagkain, bagay o at *souvenir*.<br>10. Matatag sa kahit anong pagsubok, hindi pinanghihinaan ng loob at nalalampasan ang problema.<br>11. Palangiti at walang bakas ng problema sa mukha<br>12. Pagpapahalaga sa pamilya at kaanak | 1. Paniniwala at pagrespeto sa mga puno, lugar at pook na binabahayan ng mga elemento<br>2. Paniniwala at pagsasagawa ng mga pamahiin tulad ng pag- iiwan ng sandok sa loob ng kaldero at paggupit ng kuko sa gabi<br>3. Pagsasagawa ng ritwal na *Pasaka*<br>4. Paniniwala sa mga *Tambalan* o Albularyo | 1. Malas ang pagpuputol ng kuko sa gabi<br>2. Pagsusuot ng polka dots na damit tuwing sasapit ang bagong taon |

***Talahanayan 3: Pagkakaiba ng pagpapahalagan kultural sa rural at urban na komunidad***

Sa kabuuan, napag-alaman na may magkaibang pagpapahalagang kultural ang mga Gen Z sa rural at urban na komunidad partikular na sa mga kaugalian at paniniwala. Natuklasan na mas maraming kaugalian ang patuloy na isinasabuhay ng mga Gen Z sa urban na komunidad kaysa sa rural na komunidad ngunit kung sa mga paniniwala naman tulad ng pamahiin at ritwal, ay patuloy itong isinasabuhay ng mga Gen Z sa rural na komunidad.

## REFERENCES

1. *Adom, D. (2017). Promoting Cultural Traditions, Social Inclusion, and Local Community Participation in Environmental Developmental Schemes. Journal of Urban Culture Research,14 (-), 80-103. https://doi.org/10.14456/jucr.2017.5*
2. *Adom, D. (2019). The place and voice of local people, culture, and traditions: A catalyst for ecotourism development in rural communities in Ghana. Scientific African, 6. https://doi.org/10.1016/j.sciaf.2019.e00184*
3. *Adlit, M. F., & Martinez, M. R. (2023). Reliving the bayanihan spirit: SPRCNHS Landayan Annex narratives in the new normal. Puissant. https://puissant.stepacademic.net/puissant/article/view/1*
4. *Agbay, A. (2024, May 17). The Filipino resilience as a form of systemic burden. Girl Power Talk. https://girlpowertalk.com/filipino-resilience-as-a-form-of-systemic- burden/#:~:text=Overview%3A,and%20historical%20and%20political%20struggl es*
5. *Alvarado, Elsie D., Da, Largo, R. C., Bacalla, L. A., & Ed.D. (2018). Pagkokonsepto ng mga Deboto SA pananalig sa Batang Hesus.*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal


*Global Journal of Human-Social Science,18(4) https://socialscienceresearch.org/index.php/GJHSS/article/view/2645*

6. *Alunan, M. M. (2023). Finding Bisaya: the state of the field for Visayan literature. Google scholar. https://scholar.google.com/*
7. *Amat, A. B. (2021). Sikolohiya ng Katutubong Pangagamot ng mga Tacloban ng Hilagang Leyte. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 17(1). https://research-lpubatangas.eduph/wp- content/uploads/2022/02/APJMSD-2021- 01-0032.pdg*
8. *Amat, A. B. (2020). Superstitions Surrounding Wake and Interment in a Philippine Urban Center. PalArch's Journal of Archaeology of Egypt / Egyptology, 17(6). https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/2244*
9. *Amtalao, J. A. (2019). Bogwa: A cultural exploration of the Ifugao Oral Tradition. Malay, 31 (2). https://doi.org 10.13140/RG.2.2.28168.44805*
10. *Amazona, R. (2024). Thanksgiving to highlight 'yolanda' 10th anniversary in Tacloban | Philippine News Agency.Philippine NewsAgency. https://www.pna.gov.ph/articles/1211586*
11. *Anacin, C. G. (2015). Syncretism in rituals and performance in a culturally pluralistic society in the Philippines. The Social Science Journal, 52 (1), 40–45. https://doi.org/10.1016/j.soscij.2014.08f*
12. *Arcemo, M., Mirabuna, K. D., & Garcia, F. (2022). Ang Magkamali Ay Pipingutin Ko: Pagkilatis sa Pamumuhay ng Pamilyang Pilipino sa Modernong Panahon. LPU- Laguma Journal of Arts and Sciences, 4, 74. https://www.studocu.com/ph/document/university-of-santo-tomas/bs- psychology/jas-22 6-badagd/91018504*
13. *Avestruz, A. R., Colete, M. T., De Paz, M. A. G., Rehou, D. R., at Gariag, A. K. (2023). Pamahiin ng kasal. paglalarawan sa mga huhay na paniniwala sa lungsod at nayon [Di-nalathalang tesis sa undergraduate]. Leyte Normal University.*
14. *Bandera, T. A. (2024, March 28). #MahalNaAraw2024: Mga Tradisyon Tuwing semana Santa. INQUIRER.net. https://bandera.inquirer.net/381058/mahalnaaraw2024- mga-tradisyon-tuwing-semana-santa*
15. *Bandino, A. P., Albuero, L. O., Apuli, M. D., Delos Santos, S., Vidal, MJ. C., Saclag, N.*
16. *A. (2022). Epekto ng makabagong teknolohiya sa wika at kultura na nararanasan ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang ng Central Bicol State University of Agriculture S.Y 2021-2022 [Tesis sa Undergraduate, Central Bicol State University ofAgriculture Pasacao Campus]. https://www.scribd.com/document/661766675/Epekto-Ng-Makabagong- Teknolohiya-Sa-Wika-at-Kultura-Na-Nararanasan-Ng-Mga-Mag-Aaral*
17. *Banzon-Librojo, L. A. (2017). Ang Pagkamatulungin ng Kabataang Pilipino sa Panahon ng Kalamidad. Diwa EJournal 3. https://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-e-journal- tomo-3-nobyembre-2015-ang-pagkamatulungin-ng-kabataang-pilipino-sa- panahon-ng-kalamidad/*
18. *Barahan, C. F. (2023). The Vanishing Frontier: Towards the Revitalization of Biliran Cultural Heritage. Indonesian Journal of Multidisciplinary Science, 2(7), 2724– 2737. https://doi.org/10.55324/ijoms.v2i7.473*
19. *Bautista, C. A., Sampol, V. W., Guinares, T., & Tohoy, C. A. (2020). Pamahiin sa Kontemporaryong Panahon at Importansya Nito sa gen Z. Academia.edu. https://www.academia.edu/44041955/Pamahiin_sa_kontemporaryong_panahon_a t_importansya_nito_sa_Gen_ZBiyahe ni Drew (2017). YouTube. https://m.youtube.com/watch?si=xkgwXAphari4pH0&v=meRN4deTY_U&a mp;feature=youtu.be CBCPNews(2017). https://cbcpnews.net/cbcpnews/whats-the-big-fuss-over-the- nazareno/*
20. *Chen, D., Yang, X. (2015). Culture as the Core: Challenges and Possible Solutions in Integrating Culture into Foreign Language Teaching. Journal of Language Teaching and Research, 7(1), 168-177. https://doi.org/10.17507/jltr.0701.19*
21. *Close the Gap Foundation (2020). Digital Divide.https://www.closethegapfoundation.org/glossary/digital-divide*
22. *Creswell J. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches(4th ed.). Thousand Oaks, CA: Sage*
23. *Commoner. (2021). Why Philippine mythology is a constant reminder of our roots. Medium. https://mediacommoner.medium.com/why-philippine-mythology-is-a- constant-reminder-of-our-roots-cbaa4fafda9a*
24. *Concepcion, D. G., Cacaos, R. D. M., & Ramos, J. S. (2016). Pagdedebosyon sa ina ng laging saklolo_filipino_psychology_coursefor college students. Studocu https://www.studocu.com/ph/document/lipa-city-colleges/psychology/pagdedebosyon-sa-ina-ng-laging-saklolo-filipino- psychology-course-for-college-students/15774354*
25. *Crossman, A.(2020, December 04). Sociological Xenocentrism ThoughtCo.https://www.thoughtco.com/xenocentrism-3026768?shem=ssc*
26. *Dela Torre, G. M. D., De Leon, K. M. J. K., Monteclaro, E. G. (2022). Pag-aaral ukol sa pananaw ng mga nakatatanda sa values system ng henerasyon Z [Thesis sa Undergraduate,New Era University].Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/new-era-university/bs- accountancy/konfil-konseptong-papel/20892801*
27. *Delos Reyes, R. J. V., & Bautista-Delos Reyes, M. S. (2023). Smile!: An attitude of Filipinos. Puissant. https://puissant.stepacademic.net/puissant/article/view/213*
28. *Dequia, N. (2023). Isinisimbolo ng Altar Ang Koneksyon ng Sangkatauhan at Simbahan sa Diyos. VeritasPH. https://www.veritasph.net/isinisimbolo-ng-altar-ang- koneksyon-ng-sangkatauhan-at-simbahan-sa-diyos/*
29. *Diop, N., Warwick, M. K., Zaman, H. Fock, A., Niang. C. T., Coulibali, S., Hansl, B. (2020, October 01). Philippines Digital Economy Report 2020: A Better Normal Under Covid-19 - Digitalizing the Philippine Economy Now (English). World Bank. https://documents.worldbank.org/en/publication/documentsreports/documentdetai l/796871601650398190/philippines-digital-economy-report-2020-*
30. *Escoda, I. T. (2024, March 23). Hometown: Overstaying in Cebu - positively Filipino: Online magazine for Filipinos in the Diaspora. Positively Filipino | Online Magazine for Filipinos in the Diaspora.https://www.positivelyfilipino.com/magazine/hometown-overstaying-in-cebu*

31. . Esquierdo, T. (2019, December 30). Para Maging Masagana at suwerte Ang sasalubunging taon…mgapaniniwalang inoy'pag NewYear.Bulgar Online. https://www.bulgaronline.com/post/2019/12/30/para-maging-masagana-at- suwerte-ang-sasalubunging-taon-mga-paniniwalang-pinoy-pag-new-ye
32. I Love Tacloban. (2021.). Facebook. https://m.facebook.com/ilovetacloban/posts/rememberingyolanda8-yolanda- commemoration-daynovember-8-2021the-1st-eastern-sama/4550765711645201/
33. Getzner, M. (2020). Spatially Disaggregated Cultural Consumption: Empirical Evidence of Cultural Sustainability from Austria. Sustainability, 12 (23), 10023. https://doi.org/10.3390/su122310023
34. Gonzaga. (2021). Filipino101 Ang pagtuklas sa Wika at Kultura ng mga Subanon. Course Hero. https://www.coursehero.com/file/78731629/PAPL- PANANALIKSIKdocx/16
35. Grey, E. J. (2016). Cultural beliefs and practices of ethnic Filipinos: An ethnographic study. IRA-International Journal of Management Social Sciences, 3(3). https://doi.org/10.21013/jmss.v3.n3.p30
36. Kinilitan, R., Ontal, J. C., & Orillana, G. (2019). Pormatibong Ebalwasyon na Pagaaral sa #Sulat v. 2:0: Worksyap sa Pagsulat ng Diona. https://sillimanjournal.su.edu.ph/index.php/sj/article/download/13/13
37. LaBerge, N., Chaderjian, A., Ginelli, V., Jebsen, M., Landsberg, A. (2020). Modeling Cultural Dissemination and Divergence Between Rural and Urban Regions. Journal of Artificial Societies and Social Simulation, 23(4). https://doi.org/10.18564/jasss.4391
38. Lavenda, R. H., Schultz, E. A., Bouchard, M. (2023, March 14). Core Concepts in Cultural Anthropology.Amazon. https://www.amazon.com/Concepts-Cultural- Anthropology-Robert-Lavenda/dp/0190924756
39. Lagahid, P.A.Y., at Puyo, N. M. A. (2016). Sugboanong' taras: A glimpse of Cebuano Personality. Philippine Journal of Psychology, 49(1), 73-94.
40. Linapnu. (2017, October 20). Gen Z, Taglay pa ba nila ang mga tradisyon at kaugaliang Pilipino. https://linapnu.wordpress.com/2017/10/20/gen-z-taglay-pa-ba-nila-ang- mga-tradisyon-at-kaugaliang-pilipino/
41. Li, Y., Sahari, F. (2022). The Application of Regional Culture in Urban Public Space Design. Cogent Arts & Humanities,9(1).
42. Mendoza, R. (2023, December 21). 10 paniniwala ng mga Pilipino Tuwing Pasko at BagongTaon. Balita. https://balita.net.ph/2023/12/21/10-paniniwala-ng-mga- pilipino-tuwing-pasko-at-bagong-taon/#:~:text=Pagsusuot%20ng%20damit%20na%20may,na%20may%20disenyo ng%20polka%20dots.
43. Mengullo, C. C., Mange, G. A. E. F., Tapic, J. M. M., Endozo, L. P., Labramonte, M. F. D., & De Guia, R. (2019). E-idol: The impact of positive reinforcement on being Makatao of junior high school students. Ascendens Asia Journal of MultidisciplinaryResearchAbstract.https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/9506
44. Moustakas, C. E. (1994). Phenomenological research methods. Sage Publications, Inc.
45. NCCA. (2024). Pista. Flickr. https://www.flickr.com/photos/nccaofficial/18443242589
46. Neys, L. (2022, July 7). The Impact of Cultural Change in Rural Community Development. SDSU Extension. https://extension.sdstate.edu/impact-cultural-change-rural- community-development
47. Online Balita (2018). Ang Flores de Mayo SA Angono,Rizal. https://balita.net.ph/2018/05/07/ang-flores-de-mayo-sa-angono-rizal/
48. Organization for Economic Cooperation and Development. (2018). Culture and local development - OECD. https://www.oecd.org/cfe/leed/venice-2018-conference- culture/documents/Culture-and-Local-Development-Venice.pdf
49. Ortego, Ma. C. F. I. (2021). Huron: Essays on Wilderness and Dwelling. Animo Repository. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etdm_lit/1/
50. Pinoy Peryodiko. (2023). Ang Papel ng Arts Education Sa "Gen Z." https://pinoyperyodiko.manilatimes.net/2023/09/11/panitikan-at-kultura/ang- papel-ng-arts-education-sa-gen-z/2363/
51. Philippines Digital Economy Report (2020) - World Bank Documents https://documents1.worldbank.org/curated/en/796871601650398190/pdf/Philippin es-Digital-Economy-Report-2020-A-Better-Normal-Under-COVID-19- Digitalizing-the-
52. PhilAtlas. (2020). Tacloban. https://www.philatlas.com/visayas/r08/tacloban.html
Polo, S. J. D., & Marbella, F. D. (2022). Serbisita: Pagpapakilala SA Kulturang Bayanihan Sa Irosin. Research and Analysis Journal, 5(12) https://rajournals.com/index.php/raj/article/view/374
53. Punzala, C., & Jagolino, A. (2018). Mga Patron Santo at Ang Barrio Fiesta. University of Pennsylvania-School of Arts & Sciences http://ccat.sas.upenn.edu/tagalog/santo.htm
54. Rausell-Köster, P., Ghirardi, S., Sanjuán, J., Molinari, F., & Abril, B. (2022). Cultural experiences in the framework of "cultural cities": Measuring the socioeconomic impact of culture in urban performance. City, Territory and Architecture, 9(1). https://doi.org/10.1186/s40410-022-00189-8
55. Raylos, A. M., Villanueva, E. M., Villacastin, T. M., Sucaldito, J. L., Abella, Z. D., Daza, J. M., Manikan, J., Ng, J. (2016, March 10). FILIPINO102 - Kulturang Flipino vs makabagong teknolohiya: epekto at hnaharap. Course Hero. https://www.coursehero.com/file/29138479/CHAPTER-2docx/
56. Reyes, A. (2022). (PDF) Mga Leyendang Chabacano: Salamin SA Pananampalatayang Zamboangueño. What's the big fuss over the Nazareno?https://www.researchgate.net/publication/346974227_Mga_leyendang_ Chabacano_Salamin_sa_pananampalatayang_zamboangueno
57. Rodionova, V., Shvatchkina, L., Mogilevskaya, G., Bilovus, V., Ivashova, V. (2020). Preserving the socio-cultural traditions of rural areas in the social practices of youth. E3S Web of Conferences, 210,14005. https://doi.org/10.1051/e3sconf/202021014005
58. Sacred Heart of Jesus. (2023, November 1). Undas: A unique tradition of honoring the dead in the Philippines. SCJ Philippines

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

*Region. https://scjphil.org/2023/11/01/undas-a- unique-tradition-of-honoring-the-dead-in-the-philippines/*
59. *Sadia, W. (2017, December 6). Higit Sa "po" at "opo" ang Paggalang -Kawani ng Kwf. The Varsitarian. https://varsitarian.net/filipino/20171202/higit-sa-po-at-opo-ang- paggalang-kawani-ng-kwf*
60. *Sanchez, J. N. (2015) "Construction and deconstruction of Maria Clara: History of an imagined care-oriented model of gender in the Philippines."*
61. *Sarbini, S., Suharso, P., & Sumarsono, D. (2018). Religion as a social adhesive: Study of the patterns of religious diversity of rural communities in the village of Sembungan- boyolali. E3S Web of Conferences, 74, 10008. https://doi.org/10.1051/e3sconf/20187410008*
62. *Sardaro, R., ⁷la ko, P., De Pascale, G., Faccilongo, N. (2021). The conservation of cultural heritage in rural areas: Stakeholder preferences regarding historical rural buildings in Apulia, southern Italy. Land Use Policy, 109, 105662. https://doi.org/10.1016/j.landusepol.2021.105662*
63. *Singh, A. K. (2022). A Study of Popular Culture and its Impact on Youth's Cultural Identity.The Creative Launcher, 7(6),150–157. https://doi.org/10.53032/tcl.2022.7.6.16*
64. *Shorey, S., Blanc, G. A., & Arriaza, M. H. (2024). Family dynamics. Family Dynamics | Emerald Insight. https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/978-1- 83797-092-620241006/full/html?skipTracking=true*
65. *Shorey, S., Blanc, G. A., San Roque, I. M., & Martia, M. H. (2024). Family dynamics. Family Dynamics | Emerald Insight. https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/978-1-83797-092- 620241006/full/html?skipTracking=tr*
66. *Soriano, H. K. L. (2016, March 7). Ang Kaugaliang Pagmamano ng Pinoy. Mga Sanaysay ng Klase ng 9Q ng Mataas na Paaralang Ateneo. https://nadsfil9qmgasanaysay.wordpress.com/2016/03/06/ang-pilipinong- kaugaliang-pagmamano/*
67. *Surbhi, S. (201, August 12). Difference Between Urban and Rural. Key Differences. https://keydifferences.com/difference-between-urban-and-rural.html*
68. *Taylor, K. (2023, August 16). The Digital Divide: What It Is, and What's Being Done to Close It. Investopedia. https://www.investopedia.com/the-digital-divide-5116352*
69. *Talbo, W. R. (2018). Ilokano beliefs and practices during IJSER. https://www.ijser.org/researchpaper/ILOKANO-BELIEFS-AND-PRACTICES- DURING-HOUSE-CONSTRUCTION-AND-HOUSE-BLESSING.pdf*
70. *UNESCO. (2016). Culture gives cities social and economic power, shows UNESCO report. UNESCO World Heritage Centre. https://whc.unesco.org/en/news/1572/*
71. *Venzon, S. K., & Gopilan, D. M. (2023). Fostering online communities through pakikiramay and Pakikidalamhati on memorialized facebook accounts. First Monday. https://firstmonday.org/ojs/index.php/fm/article/view/12740*
72. *Veritas. (2017). VeritasPH. https://www.veritasph.net/*
73. *Volpi, V., Opromolla, A., Medaglia, C. M. (2020). Communicating a scattered cultural urban event: A survey on user needs across generations. Human Aspects of IT for the Aged Population. Healthy and Active Aging, 688–706. https://doi.org/10.1007/978-3-030-50249-2_49\ *
74. *Wineman, A., & Alia, D. Y. (2020). Definitions of "rural" and "urban" and understandings of economic transformation: Evidence from Tanzania. Journal of Rural Studies, 79, 254–268. https://doi.org/1*
75. *WordPress. (2020). Barangay Matandang Balara, Isang Modelo ng Bayanihan Sa Urban farming. Urban Farming/Agriculture sa Quezon Ci https://quezoncityurbanfarming.wordpress.com/2020/09/17/barangay-matandang- balara-isang-modelo-ng-bayanihan-sa-urban-farming/*
76. *Ye, C., Ma, X., Gao, Y., Johnson, L. (2020). The lost countryside: Spatial production of rural culture in Tangwan village in Shanghai. Habitat International, 98, 102137. https://doi.org/10.1016/j.habitatint.2020.102137*
77. *Zafra, G. (2016). Ang Pagtuturo sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (1), 4–28. https://doi.org/10.13185/kat2016.00102*
78. *Zimmerman, R. (2023). How younger generations are redefining the stages of grief - Washington Post. https://www.washingtonpost.com/wellness/2023/06/14/ changing-generations/*